MAIL PERMIT No. 2C-17-05-533/ ENTERED AS 1ST CLASS ISSN: 2546-0536

# HANEP
Basahin Mo Ito!

Taon 11 Blg. 24 October 12-18, 2026 P20.00




p.2

Ipinapakita sa tampok na larawan (mula sa kaliwa) sina PSHS System Executive Director V Dr. Ronnalee N. Orteza; DOH Secretary Dr. Edwin M. Mercado; PhilHealth President / CEO Dr. Beverly Lorraine C. Ho; at DOST Undersecretary Dr. Maridon N. Sahagun habang hawak ang kanilang mga regalo mula sa PSHS System sa ginanap na paglulunsad ng Healthy Pisay at YAKAP sa Pisay. ***(REY NILLAMA)***

# INILUNSAD NA PILOT IMPLEMENTATION NG HEALTHY PISAY AT YAKAP SA PISAY




Bahagi sa naging pahayag ni Prof. Jay Jazul, RH, MSc., CP, Assistant Professor mula sa UST Faculty of Pharmacy, na "Ayon sa pinagkasunduan ng mga eksperto sa kalusugan, dapat mayroong tamang impormasyon para sa kanila. At iyon ang agenda pagdating sa harm reduction," wika ni Dr. Jazul. Kaugnay ng ginanap na The 2nd National Harm Reduction & Nicotine Summit sa Cetadine Bay City Manila. ***(REY NILLAMA) - story p.2***



**PORMAL** ng binuksan ang Gateway Art Fair 2026 sa pamamagitan ng ribbon cutting sa pangunguna ni Quezon City Mayor Joy Belmonte at mga opisyal na sina Mark Jones Medina, CCP, Diane Romero JAAF, Maricel Diaz NCCA, Toym Imao UP CFA, Rowell Recinto, JAAF and ACI, Edwin Dipalac NBS, Gerardo Jimenez Artist at Harold Lim, Boysen na ginanap sa Quantum Skyview sa Gateway Mall 2, Araneta City. ***(REY NILLAMA) - story p.2***

CALAX is now approaching full completion- story p.5



Tagapangulong Barrios-Taran, Tinalakay ang Wikang Filipino at AI sa mga Guro ng USM- story p.7



Publikong Konsultasyon ng KWF Para sa Ortograpiya ng Wikang Onhan- story p.2






ACCEPTING ADS, PLEASE CALL : 0977-7844136/ 0968-7122927

# INILUNSAD NA PILOT IMPLEMENTATION NG HEALTHY PISAY AT YAKAP SA PISAY

**QUEZON CITY —** Opisyal na inilunsad ang pilot implementation ng Healthy Pisay at YAKAP sa Pisay kamakailan sa Philippine Science High School (PSHS) Main Campus bilang pagdiriwang ng Araw ng mga Guro.

Nagbigay ng panimulang mensahe si Dr. Ronnalee N. Orteza, Executive Director V ng PSHS System, kung saan ipinaabot niya ang taos-pusong pasasalamat ng PSHS System para sa paglulunsad ng pilot implementation ng Healthy Pisay at Pisay.

"Hindi natin maaaring masukat ang isang bagay na hindi umiiral," ani Dr. Orteza. Pinasalamatan din niya ang mga guro at iskolar para sa Healthy Pisay.

Sa pamamagitan ng isang video message, sinabi ni Dr. Renato U. Solidum, Jr., Kalihim ng Department of Science and Technology (DOST), "Inilulunsad natin ngayong araw ang kapwa Healthy Pisay at ang YAKAP sa Pisay pilot implementation sa Pisay Main Campus."

"Sa Agham tulad sa Kalusugan, hindi tayo naghihintay ng problema bago tayo kumilos," dagdag pa niya. Binanggit din ni Solidum na ang kanyang mga magulang ay parehong mga guro.

Pinuri niya ang mga guro sa kanilang dedikasyon sa tungkulin sa loob at labas ng silid-aralan. "Maraming salamat sa ating mga guro para sa inyong tapat at mabuting paglilingkod," giit ni Solidum.

Sinabi naman ni Dr. Edwin M. Mercado, Kalihim ng Kalusugan, na hindi man siya nagmula sa Pisay, marami siyang mga kaklase noon na mga iskolar ng NSDB na nagtapos sa Pisay.

Ibinahagi ni Dr. Mercado na pumirma sila ng isang joint circular kasama ang DepEd at DILG na nagpapatibay sa Unified National Agenda (UNA) para sa Kalusugan. Layunin nitong ilapit ang promosyon sa kalusugan, pag-iwas sa sakit, at mga pangunahing serbisyong medikal sa mga Pilipino sa pamamagitan ng mga malulusog na kapaligiran tulad ng mga paaralan, lugar ng trabaho, at komunidad.

Binigyang-diin niya na sa pamamagitan ng YAKAP Caravan sa Pisay, dinadala ng DOH at PhilHealth ang screening sa kalusugan at mga benepisyo ng PhilHealth palapit sa komunidad ng PSHS. "Para sa 1,440 na mag-aaral, habang 360 na teaching at non-teaching staff, at nakapaligid sa kani-kanilang pamilya, hatid namin ang YAKAP sa Pisay," ani Mercado.

"Makakatanggap din kayo ng libreng cancer at tuberculosis screening," dagdag pa niya. "Kayo ang patunay na kaya nating maabot ang Universal Health Care. Kayo ang resibo namin na pwedeng gawin ito sa iba pang campus," ani Mercado.

Ayon naman kay Dr. Beverly Lorraine C. Ho, Presidente at CEO ng PhilHealth, "ngayon na, mas malawak ang coverage ng PhilHealth." "Masaya kaming iabot ang aming mga serbisyo sa ating mga minamahal na guro dito sa Pisay," aniya.

"Kailangan nating mamuhunan sa pangunahing pangangalagang pangkalusugan o primary care at preventive care upang maiwasan ang mga malalang kondisyon sa kalusugan," dagdag pa niya. "Sa ilalim ng UNA para sa Kalusugan, target ng DOH na ma-rehistro ang hindi bababa sa 60 milyong Pilipino sa ilalim ng YAKAP, kung saan 48 milyon ang target na sumailalim sa health screening at magkaroon ng access sa mga gamot sa pamamagitan ng GAMOT. At ang 1,440 na mag-aaral at 360 na teaching at non-teaching staff ng Pisay ay kabilang sa 48 milyon," ani Dr. Ho.

Iniugnay rin ng programa ang mga pasyente sa mas malalim pang pangangalaga sa pamamagitan ng YAKAP at GAMOT, na sumusuporta sa layunin ni Pangulong Ferdinand "Bongbong" R. Marcos, Jr. na gawing mas naaabot ang de-kalidad na pangkalusugan para sa bawat Pilipino at tiyaking walang maiiwan.

Ang maagang pagkakalantad sa mahinang nutrisyon, mga hamon sa kalusugan ng isip, at klinikal na pagkabalisa sa mga Pilipinong kabataan na may edad 13 hanggang 15 ay nagpapakita ng mas malawak na epekto ng mga hamong ito sa pagkatuto, panlipunang pag-unlad, at pangkalahatang kapakanan (PIDS, 2026).

Alinsunod sa direktiba ni Pangulong Marcos, Jr. na palawakin ang de-kalidad at abot-kayang pangangalagang pangkalusugan para sa mga Pilipino, pinatitibay ng DOH ang UNA para sa Kalusugan sa pamamagitan ng Healthy Settings approach sa mga paaralan, lugar ng trabaho, at komunidad.

Upang makamit ito, pinag-isa ng DOH, kasama ang PSHS System, ang balangkas ng Healthy Learning Institutions (HLI) at ang programang Yaman ng Kalusugan (YAKAP).

Tinitiyak ng pagtutulungang ito na habang binabago ang mga paaralan tungo sa pagiging mga kapaligirang nagtataguyod ng kalusugan, aktibong ginagabayan at ikinokonekta ng mga paaralan ang bawat mag-aaral sa isang YAKAP provider para sa de-kalidad, libre, at madaling maabot na serbisyong medikal.

Ang paaralan ay karaniwang itinuturing na pangalawang tahanan ng isang bata — isang mahalagang tagpuan ng kalusugan kung saan ginugugol ang malaking bahagi ng mga taon ng pag-unlad at kung saan nabubuo ang mga gawi sa panghabambuhay na malusog na pamumuhay.

Upang maprotektahan ang kanilang pagkatuto at produktibidad, napakahalagang panatilihin ang kalusugan at kapakanan ng mga bata. Kaya naman, nilalayon ng DOH na ilapit ang mga pangunahing serbisyong pangkalusugan sa mga paaralan upang direktang maihatid ang mga hakbang sa pag-iwas, promosyon, at kinakailangang pagpapagaling.

Pinapalakas ng YAKAP sa Pisay ng DOH at PhilHealth ang pag-iwas, promosyon ng kalusugan, screening, at access sa mga benepisyo ng PhilHealth tulad ng YAKAP at GAMOT.

Bukod dito, ipinapakita nito ang teorya ng pagbabago (theory of change) ng DOH na ang mga unang puntod ng serbisyong pangkalusugan, tulad ng mga klinika sa paaralan, ang pinakamainam na posisyon para maging mga care coordinator at patient navigator sa loob ng mas malawak na network ng mga magagamit na serbisyo.

Ang isang network ng mga akreditadong espesyalista, na ginawang available ng PhilHealth sa PSHS, ay tumatanggap ng mga referral mula sa mga YAKAP clinic ng mga kalahok upang matiyak ang tuloy-tuloy na pangangalaga.

# The 2nd National Harm Reduction & Nicotine Summit, Cetadine Bay City Manila

Sinabi ni Prof. Jay Jazul, RH, MSc., CP, Assistant Professor mula sa UST Faculty of Pharmacy, na ang sampol ng mga artikulo ay mula sa mga kasalukuyan o dating naninigarilyo na lumipat sa mga alternatibong malaya sa usok na may 22 kalahok.

Napansin ni Dr. Jazul na karamihan sa 22 kalahok ay nagtagumpay sa pagtigil sa paninigarilyo nang lumipat sila sa mga alternatibong malaya sa usok.

"Ang pangunahing alalahanin ng ilang mga siyentipiko ay kung ang mga alternatibong produktong malaya sa usok ay e-cigarette o mga produktong vape," aniya.

"Kahit papaano, ang ilang mga kalahok sa pag-aaral ay nakalipat sa mga alternatibong malaya sa usok mula sa mga produktong tabako," dagdag niya. Binanggit ni Dr. Jazul ang artikulo tungkol sa mga tagapagtaguyod ng koalisyon at mga boses ng medikal kung ano ang ginagawang posible ng access.

"Sa ilang mga bansa, binabanggit nila ang tungkol sa ilang mga reseta. Kumukuha muna sila ng mga reseta bago hingin ang electronic cigarette," aniya.

"Ayon sa pinagkasunduan ng mga eksperto sa kalusugan, dapat mayroong tamang impormasyon para sa kanila. At iyon ang agenda pagdating sa harm reduction," wika ni Dr. Jazul.

"Ang Estados Unidos tulad ng alam natin, ay may tamang regulasyon pagdating sa electronic cigarette. Ngunit sa ibang mga bansa, nandiyan ang FDA (Food and Drug Administration)," dagdag pa niya.

Napansin ni Dr. Jazul na 1,000 tagagawa sa Tsina ang sumusunod sa mga patakaran, regulasyon, at kinakailangan ng FDA pagdating sa electronic cigarette.

Sinabi naman ni Anton Israel, Pangulo ng Nicotine Consumers Union of the Philippines (NCUP), na ang mga naninigarilyo ay nakabuo ng "smoker's policy" na hindi na sila tumigil sa paninigarilyo dahil mamamatay din naman sila.

Gayunpaman, ayon kay Israel, "magandang may mga alternatibo sa paninigarilyo (tabako) tulad ng vape at e-cigarette na parehong may iba't ibang paraan ng paghahatid."

Ayon kay Israel, ang mga produktong vape ay mas mababa ang pinsala, dapat mas mababa ang buwis sa mga naturang produkto, at hindi konklusibo na nagsisimula ito sa mga produktong vape at nagtatapos sa e-cigarette.

Hinimok ni Israel ang mga gumagawa ng patakaran na sukatin ang mga parameter sa pagpapataw ng buwis pagdating sa mga produktong pinasingaw na sigarilyo. "Generally, positive ang gumamit ng vape (products). Sigarilyo na mapaminsala o vape na nabawasan ang pinsala. Kung mas mataas ang tax sa vape products, baka bumalik sila sa sigarilyo," ani Israel.

Ipinahayag ni Israel ang suporta sa mga mambabatas sa pagpapataw ng buwis sa mga produktong vape o e-cigarette ngunit hindi sa napakataas na halaga na maghihikayat sa mga naninigarilyo na huwag nang lumipat sa mga produktong sigarilyong malaya sa usok.

Tinalakay naman ni Atty. Jason C. Torres, eksperto sa Excise Tax, ang mga estratehiya para sa pagpapalaki ng kita mula sa mga sumusunod na produktong nikotina.

Binanggit ni Atty. Torres ang koordinasyon ng BIR-BOC (Bureau of Internal Revenue-Bureau of Customs) laban sa smuggling at tax evasion kung saan ang BOC, NBI (National Bureau of Investigation), BIR, at PCG (Philippine Coast Guard) ay nakasamsam ng P1.7-Bilyong halaga ng puslit na sigarilyo sa malalaking operasyon laban sa smuggling.

"Kapag nahuli mo ang illicit trader, yung tauhan lang nila ang nahuhuli mo. It runs into billions of pesos," ani Torres. "Pag cigarette, it starts with P60 starting January this year. Pag vape products, it starts with P50. There's a move there to make it unitary or unified," dagdag niya.

Binanggit din ni Atty. Torres na ang Pilipinas ay lumagda sa "Framework on the Conventional Tobacco Control".

# Publikong Konsultasyon ng KWF Para sa Ortograpiya ng Wikang Onhan

Nagsagawa ang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ng Publikong Konsultasyon para sa Ortograpiya ng Onhan noong 29 Setyembre 2026 sa San Andres Covered Court, San Andres, Romblon.

Ang gawaing ito ay pinangunahan ng mga mananaliksik ng KWF na sina Dr. Jose Evie G. Duclay, Rolien Mark M. Balisi, at Christian DS. Nayles. Katuwang din sa proyektong ito ang DepEd-Romblon, sa pangugnugna ni Dr. Jordan Solatorio, Indigenous Peoples Education (IPEd) focal ng DepEd-Romblon.

Lumahok sa konsultasyon ang mga elder, kapitan ng barangay, at kagawad mula sa iba't ibang barangay ng munisipalidad ng Ferriol, San Andres, Looc, Santa Fe, San Jose, Alcantara, at Santa Maria.

Dumalo rin ang mga punong-guro at mga pinunò mula sa iba't ibang paaralan at ang Regional IPEd focal ng Rehiyon IV-B MIMAROPA.

Sa gawaing ito, inilahad ng mga punong-guro at pinunò ng paaralan ang bawat kabanata ng borador upang makuha ang mga komento at mungkahi ng mga kalahok at masinop ang borador ng nabuong ortograpiya.

Ang Pagbuo ng Ortograpiya ng mga Wika ng Pilipinas ay isang patuluyang programa ng KWF sa ilalim ng Sangay ng Lingguwistika, Publikasyon, at Promosyon (SLPP) na naglalayong paigtingin ang dokumentasyon, pagpapaunlad, at pagsusulong sa paggamit ng mga katutubong wika ng Pilipinas.

# Gateway Art Fair 2026, Pormal ng Binuksan

Nagniningning ang Quantum Skyview sa Gateway Mall 2, Araneta City sa pagbubukas ng Gateway Art Fair 2026. Pinangunahan ng J. Amado Araneta Foundation (JAAF) at Gateway Gallery ang engrandeng selebrasyong ito na dinaluhan ng mga kultural na tagapagtaguyod at ng publiko. Mas pinatingkad pa ang programa sa kagandahan ng Binibining Pilipinas International 2025 na si Katrina Anne Johnson bilang host ng okasyon.

Dumalo rin si Quezon City Mayor Joy Belmonte upang ipakita ang matinding suporta ng lokal na pamahalaan sa sining at kultura ng lungsod. Sa kanyang talumpati, binigyang-diin ni Mayor Belmonte na napakahalaga ng mga ganitong aktibidad upang mas mapalapit ang sining sa mga ordinaryong mamamayan. "Lubos kaming nagpapasalamat sa Araneta City sa patuloy na pagbibigay ng espasyo kung saan ang ating mga QCitizen at Pinoy artists ay nagkakaroon ng pagkakataong sumikat," ani Belmonte.

Ayon naman kay JAAF President Rowell Recinto, ang taunang art fair na ito ay patunay ng kanilang patuloy na pagpapahalaga sa pamanang Pilipino. Aniya, patuloy na magbibigay ng entablado ang "City of Firsts" para sa malayang pagpapahayag ng mga lokal na malikhain. "Ang Gateway Art Fair ay hindi lamang isang simpleng exhibit; ito ay isang kilusan na naglalayong dalhin ang sining direkta sa puso ng komunidad," pahayag ni Recinto.

Para sa beteranong pintor na si Gerardo Jimenez, ang pagtitipong ito ang nagsisilbing tulay para magkalapit ang mga artista at ang mga mahilig sa sining pati na ang mga namamasyal lamang sa mall. Masaya niyang ibinahagi na nakatutuwang makita ang interes ng madla sa mga obrang sumasalamin sa totoong buhay ng mga Pilipino. "Napaka-fulfilling makitang humihinto ang mga tao para namnamin at sadyang pahalagahan ang ating kultura sa pamamagitan ng aming mga likha," ani Jimenez.

Tampok sa multi-day cultural showcase na ito ang daan-daang kahanga-hangang obra, mula sa mga tradisyonal na pinta hanggang sa mga modernong iskultura na gawa ng mga baguhan at batikang alagad ng sining mula sa iba't ibang panig ng bansa.

Bukod sa mga exhibit, naghanda rin ang mga organizer ng mga interactive workshop at talakayan upang masubaybayan at mahubog ang susunod na henerasyon ng mga artist.

Libreng napanood at nabisita ang Gateway Art Fair 2026 kamakailan sa mga pasilidad ng Gateway Malls 1 at 2. ***(REY NILLAMA)***

# Wanted ng 'Gapo' nahuli ng pulis Gentri

**NAHULI** ng mga tauhan ng General Trias Component City Police Station ang isang wanted kamakailan sa naturang lungsod sa Cavite.

Ang akusadong si alyas Mamar, residente ng General Trias City, ay isang City Level Most Wanted Person, Rank No. 9 ng Olongapo City Police Office.

Siya ay nahuli dakong alas-8:45 ng gabi sa Barangay Pasong Kawayan 2, General Trias City, nitong Oktubre 5 sa bisa ng warrant of arrest.

Ang matagumpay na operasyon ay pinangunahan ng warrant personnel ng General Trias CCPS katuwang ang mga tauhan ng Sector 4, City Investigation and Detection Management Unit at Police Station 5 ng Olongapo CPO.

Ang warrant ay may kaugnayan sa paglabag sa Section 28(a) in relation to Section 28(e)(1) ng Republic Act No. 10591, Section 11, Article II, at Section 12, Article II ng Republic Act No. 9165.

Ang mga warrant ay inisyu ng Regional Trial Court, Third Judicial Region, Branch 97, Olongapo City, na may itinakdang piyansa na ₱120,000 para sa paglabag sa RA 10591; ₱200,000 para sa paglabag sa Section 11, Article II ng RA 9165; at ₱40,000 para sa paglabag sa Section 12, Article II ng RA 9165.

# Editoryal

## Igawad ang dapat na parusa

**ITINATAKDA ang mas malinaw na proseso sa dokumentasyon at imbestigasyon sa mga insidenteng kinasasangkutan ng mga pedestrian batay sa inilabas na Memorandum No. MVL-2026-229.**

**Nariyan ang posibilidad sa pagbawi ng Land Transportation Office sa lisensya ng sino mang motorista na mapatutunayang naglagay sa panganib sa mga pedestrian.**

**Batay sa nasabing memorandum ay pwedeng ideklarang 'Improper Person to Operate a Motor Vehicle' ang isang motorista alinsunod sa Republic Act No. 4136 o Land Transportation and Traffic Code.**

**Sasailalim ang ahensiya sa maingat na pagsusuri sa bawat insidente batay sa kabuuang pangyayari.**

**Kasama na rin sa susuriin ang ikinilos ng pedestrian bago ang pagpapatupad ng kaukulang administratibong aksiyon.**

**Tama lamang na bigyang proteksiyon ang buhay ng mga pedestrian habang igawad ang nararapat na kaparusahan sa motoristang maglalagay sa kanila sa panganib.**

# CARD MBA, nagsagawa ng global seminar para patatagin ang proteksyong pinansyal ng mga nangangailangang komunidad

Pinangunahan ng CARD Mutual Benefit Association (CARD MBA) ang kauna-unahang Mutual Microinsurance Network Seminar sa pakikipagtulungan sa International Cooperative and Mutual Insurance Federation (ICMIF) Foundation mula Hunyo 17 hanggang 19, 2026 sa AIM Conference Center sa Lungsod ng Makati upang patatagin ang kolaborasyong nakalaan sa pagprotekta sa mga pamilyang may mababang kita.

Nakasentro sa temang "Replicating Success Globally: Scaling the Mutual Microinsurance Model for the Poorest", ang tatlong-araw na seminar ay nagsilbing plataporma ng pagtutulungan para sa mga kalahok upang magbahagi ng kaalaman at karanasan sa pagbuo ng mga programang microinsurance na madaling palawakin at may malaking epekto sa lipunan. Nagbigay-daan din ito sa mga kalahok na tugunan ang mga kasalukuyang hamon sa industriya, tuklasin ang mga umuusbong na inobasyon, at tukuyin ang kinakailangang suportang pinansyal at teknikal.

"Kinikilala natin na ang mga hamon na kinahaharap ng mga mahihirap na komunidad ay masyadong malaki para lutasin ng isang institusyon lamang," ani Dr. Jaime Aristotle B. Alip, ang Founder at Chair Emeritus ng CARD MRI. "Sa pamamagitan ng mga kasunduan at pagbabahagi ng kaalaman, maaari nating gayahin ang mga matagumpay na modelo at lumikha ng mas malakas at mas inklusibong network ng microinsurance."

Ang unang araw ng seminar ay nakatuon sa pagsusuri ng kasalukuyang estado ng microinsurance sa pamamagitan ng pagbibigay-diin sa mga talakayan tungkol sa mga hamon, mga oportunidad, at mga matagumpay na modelo ng sektor mula sa iba't ibang bansa.

Sa ikalawang araw, ibinahagi ng CARD MBA ang naging paglalakbay nito mula sa pagiging mutual fund tungo sa pagiging mutual microinsurance provider. Ipinakita ang istruktura ng pamamahala ng organisasyon, ang sistema ng pag-aayos ng claim na pinatatakbo ng teknolohiya, ang modelo ng distribusyon sa pamamagitan ng CARD MRI Financial Institutions, at mga estratehiya upang mapalaki ang pakikilahok ng mga miyembro sa pagmamay-ari at paggawa ng desisyon.

Kaugnay ng mga tagumpay na ito, isinaad ni CARD MBA CEO Jocelyn Dequito, "Ang mutual microinsurance ay umuusbong sa tiwala, hindi lamang sa pagitan ng mga institusyon at ng kanilang mga miyembro, kundi maging sa mga organisasyong nagtutulungan para sa iisang layunin na protektahan ang mga komunidad na may mababang kita."

Nakiisa si Dr. Alip sa mga kapwa niyang pioneer sa microinsurance sa isang panel discussion tungkol sa mga pangunahing salik ng tagumpay ng mga programa sa mutual microinsurance.

Sa huling araw ay bumisita sila sa Lungsod ng San Pablo, Laguna, kung saan naobserbahan ng mga kalahok ang center meeting ng CARD Bank sa Brgy. San Gabriel. Nakapanayam din nila ang center officers, personal na nakita kung paano naghahatid ng mga serbisyo ng insurance ang CARD MBA at ang mahusay na komunikasyon nito sa mga miyembro.

Sinalihan ang seminar ng 101 practitioner at pinuno ng microinsurance mula sa Pilipinas at iba't ibang bansa kabilang ang United Kingdom, Myanmar, India, Kenya, Hong Kong, Indonesia, Malawi, Mozambique, Paraguay, Thailand, at Timor-Leste.

Sa pamamagitan ng seminar, binigyang-diin ng CARD MBA at ng ICMIF Foundation ang halaga ng kolaborasyon at pagtitiwala upang mas maging inklusibo ang proteksyong pinansyal at makabuo ng economic safety net para sa mga komunidad na may mababang kita sa buong mundo. ***(Jireh Pearl Casionan, Junior Writer)***




*Sina CARD MRI Founder at Chair Emeritus Dr. Jaime Aristotle B. Alip (una mula sa kaliwa) at CARD MBA CEO Jocelyn Dequito (ikaapat mula sa kaliwa) kasama ang iba pang mga pioneer microinsurance leaders habang nagaganap ang isang panel discussion sa Mutual Microinsurance Network Seminar.*

# Kalibre

**Romy Santos**
**0977-7844136**

## Ingat sa NCAP text message

**MULING** ipinatupad o ipinagpatuloy sa Kalakhang Maynila ang No Contact Apprehension Policy bunsod na rin ng pagtanggal ng Supreme Court sa mga nakaraang temporary restraining order na sinimulan nitong Oktubre 5 sa ilang lungsod ng Metro Manila.

Sa mga tsuper at maging sa mga rider, tandaang 24/7 nakatutok ang mga closed-circuit television at digital camera sa mga pangunahing kalsada para sa mga paglabag sa batas-trapiko.

Kapag nahagip ang iyong sasakyan o motorsiklo ay sumasailalim naman muna sa masusing pagsusuri bago ang pagpapadala ng abiso o ang tinatawag na notice of violation.

Siyempre ay mayroong kalakip na mga ebidensya tulad ng larawan o video.

Pero kung sa tingin o paniniwala mo na mali ang pagkakahuli ay pwede kang magprotesta kahit sa pamamagitan ng protest online sa portal ng Metro Manila Development Authority o sa kinauukulang local government unit.

Sa pagbabayad naman ng kaukulang multa ay maaari ang digital na pamamaraan o ang online payment.

Binale-wala mo ito o hindi ka nagbayad ng multa ay magkakaproblema sa pag-renew ng rehistro ng sasakyan o motorsilo na pwede pang magresulta na ang behikulo ay mapapabilang sa talaan ng mga nakaalarma sa Land Transportation Office.

Nabanggit at natalakay lamang natin ang tungkol sa NCAP para sa pagtatanong sa inyo.

May natanggap na ba kayong text message sa inyong cellphone na may kaugnayan sa payment fee dahil sa NCAP?

Ingat lamang at maging mapanuri upang hindi mabiktima o ma-scam.

Tindi ng mga 'mokong' eh wala namang nakarehistrong pag-aaring sasakyan o motorsiklo pero nagpapadala ng ganoong text message.


# HANEP
Basahin Mo Ito!

**ROMEO S. SANTOS**
*Publisher/Editor-in-Chief*

**JUNE K. BILLONES**
*Managing Editor*

Ang '**HANEP Basahin Mo Ito!**' ay inilalathala tuwing lunes ng **HANEP Publication** na may tanggapan sa B10 L9 The Veraneo Brgy. San Sebastian Kawit, Cavite
**Contact#:** 0977-7844136/09687122927
**Website: https://hanep.net**
**Email:** ronejed@yahoo.com/ haneppublication@yahoo.com

**PAUNAWA: Sariling pananaw o opinyon ng mga kolumnista ang nilalaman ng kanilang mga artikulo kaya wala pong kinalaman at pananagutan dito ang pamunuan ng publication**

***Member: Publishers Association of the Philippines,Inc.***



**ADVERTISING RATES**
**COMMERCIAL - - - - -P200/col.cm**
**LEGAL NOTICES - - - P160/col.cm**

# DOST Batanes, LGU Basco Celebrate Linggo ng Katandaang Pilipino Through 'Golden Age Golden Health Program

**BASCO, BATANES** — The Department of Science and Technology (DOST) Batanes and the Local Government Unit (LGU) of Basco highlighted the importance of healthy and active aging through the culmination of the Golden Age, Golden Health Activity on October 1, 2026.

The culminating activity coincided with the opening of Elderly Filipino Week, observed from October 1 to 7, and recognized the participation and achievements of senior citizens who took part in the nearly two-month health and wellness initiative.

The program was jointly implemented by the DOST Provincial Science and Technology Office (PSTO) Batanes and LGU Basco through the Office of Senior Citizens Affairs (OSCA) and the Municipal Health Office. Conducted from July 16 to August 21, the initiative promoted evidence-based health practices, physical activity, proper nutrition and social engagement among senior citizens.

Activities during the program included health assessments, nutritional feeding, physical exercises and friendly competitions designed to support physical fitness, mental agility and social interaction.

The October 1 culmination featured a final health assessment, tournament games, cognitive-motor agility activities and a Zumba session, allowing participants to demonstrate the progress and skills developed throughout the program.

Batanes Governor Ronald P. Aguto, Jr. graced the activity and delivered a message to the senior citizens. He also presented awards to the winners and outstanding participants in recognition of their active participation in the program.

Representing Basco Municipal Mayor German A. Caccam, Sangguniang Bayan Member Carla Corder also joined the celebration on behalf of the municipal government.

OSCA Head Elda B. Lechuga and Senior Citizens President Rosemarie V. Delatado shared inspirational messages and testimonials, while DOST Batanes Provincial Director Nora T. Garcia emphasized the role of science, health awareness and community partnerships in promoting the well-being of senior citizens.

Participants were also recognized through various awards, including the Golden Vitality Award, Mental Agility Award and Tournament Grand Champion.

The activity concluded with a message from Dr. Jeniffer Robillos, Municipal Health Officer of Basco.

The Golden Age, Golden Health Activity demonstrated how science-based health practices and collaboration among government agencies, health workers and the community can help senior citizens maintain active, healthy and socially engaged lives.

Through the initiative, DOST Batanes and its partners reaffirmed the importance of creating opportunities for senior citizens to remain active participants in their families and communities. ***(Nelson Santos)***

# PAGASA provides P9M support for ISLA Mavulis Project

**BASCO, BATANES** — The ISLA Mavulis Project, a ₱9-million initiative aimed at strengthening weather monitoring, water security, health services, communications, and emergency support on Mavulis Island, was soft-launched during the 2026 Science, Technology and Innovation (STI) Caravan in Basco, Batanes.

ISLA Mavulis, which stands for Island Support and Life Saving Assistance to Mavulis, is being implemented by the Provincial Local Government of Batanes, with the Department of Science and Technology (DOST)-Batanes serving as the monitoring agency.

During the soft launch, Engr. Mark Ventolero presented the project and discussed how science and technology can provide practical and life-saving solutions for personnel and fishermen operating in the remote waters surrounding Mavulis Island in Itbayat, Batanes.

The project includes an Automated Weather Station (AWS), satellite-fed internet, digital lighthouse, solar power system, solar-powered water desalination system, RxBox telemedicine device, communication equipment, and solar-powered lights and pumps.

The AWS is designed to serve as an early-warning node that will monitor wind gust speed, barometric pressure, rainfall intensity, and humidity. Through satellite telemetry, weather data can be transmitted every 10 minutes to the Philippine Atmospheric, Geophysical and Astronomical Services Administration (PAGASA) and disaster management nodes to support weather monitoring and early-warning operations.

The project also addresses the island's limited access to freshwater through a portable desalination system designed to convert seawater into potable water. The unit can produce up to 200 liters of purified water daily, providing an additional water source for personnel and fishermen in the area.

For health services, the project includes an RxBox Telemedicine Suite equipped with an electrocardiogram (ECG), pulse oximeter, blood pressure monitor, and temperature sensors. Through satellite connectivity, the system is designed to facilitate remote consultations with medical specialists and support the electronic recording of medical information even when the island is operating off-grid.

The initiative further integrates renewable energy and communications systems to support its operations. Solar power will provide electricity for the various facilities and equipment, while satellite connectivity will facilitate the transmission of weather, health, and other critical information to concerned agencies.

During the event, Dr. Marcelino Q. Villafuerte II, Deputy Administrator for Research and Development of PAGASA, presented the agency's ₱9-million funding support for the ISLA Mavulis Project.

As presented during the event, the project had reached 36 percent accomplishment. The desalination machine and RxBox had already been procured and delivered, while negotiated procurement for the Automated Weather Station was ongoing.

The integrated system is expected to strengthen disaster resilience and humanitarian support in Mavulis Island by providing access to weather information, potable water, medical assistance, communications, and renewable energy.

The project also seeks to support Filipino fishermen operating in the country's northernmost waters by providing critical facilities and services they may need during emergencies and severe weather conditions.

Through the ISLA Mavulis Project, government agencies aim to establish a more sustainable off-grid support system in the remote island while strengthening science- and technology-based services in one of the country's most geographically isolated areas. ***(Nelson Santos)***

# DOST, CHED prepare PH technology portfolio for global stage

*(By Claire Bernadette A. Mondares, DOST-STII)*

To bring Philippine technologies closer to global markets, the Department of Science and Technology (DOST) and the Commission on Higher Education (CHED) prepared a portfolio of innovations for industry evaluation and potential commercialization.

This was highlighted during the DOST–CHED Innovation Summit 2026, held on September 28 and hosted by Batangas State University—The National Engineering University (BatStateU) in Batangas City.

Led by the office of DOST Assistant Secretary for Technology Transfer, Communications, and Commercialization Napoleon K. Juanillo Jr., the Innovation Summit served as a national portfolio-building process for homegrown technologies and the Philippine pathway to the 2027 World Economic Forum at Davos, Switzerland.

"This Summit is part of the joint effort to finally connect the dots. Market-driven research and product development will be nurtured through the planned Synchronized Innovation and Business-Oriented Launchpads (SIBOL) in the regions, so that promising technologies are grown close to where our researchers, farmers, and entrepreneurs already work — not confined to a handful of laboratories in the capital," Dr. Juanillo said.

He added that, from there, these technologies will then pass through the Philippine Technology Evaluation and Standards for Testing or PHITEST, which benchmarks Filipino-made innovations against the same testing, evaluation, and certification standards the rest of the world already trusts.

The initiative complements DOST's broader efforts to strengthen the country's innovation infrastructure and supports CHED's mandate to harness the research and innovation capabilities of higher education institutions.

DOST Secretary Renato U. Solidum Jr. emphasized that the impact of science and technology should be viewed beyond individual discoveries and measured through the capabilities and opportunities that these investments create for society.

"We have spent many years asking how much we invest in science. [But] We should also ask what capabilities that investment has created. We have asked how many researchers we have. We should also ask what those researchers are capable of doing together. And perhaps most importantly, we should stop thinking of our scientific and technological capabilities as isolated achievements," Solidum said.

Echoing the importance of translating research into tangible value, CHED Chairperson Shirley C. Agrupis framed her message around "ACHIEVE: From Knowledge to Possibility," highlighting the return on public investments in university research and development. Her message underscored the role of higher education institutions in turning knowledge and research into possibilities that can respond to pressing national challenges and contribute to broader development.

Agrupis also called on innovators across the country to work closely with the government in addressing contemporary challenges, emphasizing the need to connect the country's research and innovation capabilities with the needs of communities and society.

The Summit also marked the inception of InnoVenta Davos, an initiative that seeks to strengthen the country's participation in global innovation and economic discussions and create opportunities to bring Philippine science, technology, and innovation into international platforms.

Through this initiative, the Philippines seeks to move beyond simply participating in global forums toward presenting its capabilities, forging strategic partnerships, and creating pathways for Philippine innovation to contribute to the global economy.

The initiative forms part of the country's preparations toward the 2027 World Economic Forum in Davos, Switzerland, providing a platform to further connect Philippine institutions and innovators with international partners and opportunities.

For CHED, the initiative also reinforces the important role of state universities and colleges (SUCs) and higher education institutions (HEIs) in generating knowledge, developing capabilities, and contributing to national development.

The Innovation Summit reflects the shared commitment of DOST and CHED to build a more connected and globally engaged Philippine innovation ecosystem—one that links education, research, industry, government, and international partners toward sustainable economic growth and inclusive development.

The Innovation Summit 2026 marked the inception of 'InnoVenta Davos'. Through this, Solidum said the Philippine delegation is moving away from merely being observers and consumers of foreign ideas to positioning Philippine innovation as essential, climate-resilient capital for the global economy.

# Safe Food, Safer Care: DOST Conducts Food Safety Training for DSWD Bahay Tuluyan

To promote safe meal handling and inclusive nutrition for vulnerable youth, the Department of Science and Technology (DOST) CALABARZON in partnership with DOST PSTO Cavite conducted a two-day Food Safety Training Series on September 29 to 30 for the staff of the DSWD Bahay Tuluyan Ng Mga Bata (Home for Girls). The program aimed to strengthen center operations by equipping houseparents and kitchen personnel with essential standards for health and sanitation.

The first day focused on identifying risks and adhering to specialized dietary requirements, with Ms. Maria Teresa A. Pamplona, Senior Science Research Specialist from DOST CALABARZON, serving as the resource speaker. She thoroughly covered Food Safety Hazards, explaining biological, chemical, and physical contaminants, and discussed Halal Preparation guidelines to ensure food service remains culturally inclusive for residents of varying religious backgrounds.

On the second day, Ms. Joan Mae A. Aure, Science Research Specialist I from DOST Cavite, led the discussion on Basic Food Hygiene. Her session detailed crucial daily practices, including proper handwashing, safe food storage, equipment sanitation, and cross-contamination prevention to protect institutionalized youth from foodborne illnesses.

Through this joint initiative, DOST CALABARZON together with DOST PSTO Cavite reaffirms its commitment to harnessing science, technology, and innovation to elevate care standards in provincial social welfare facilities. ***(DOST Cavite)***

**REPUBLIC OF THE PHILIPPINES**
**FOURTH JUDICIAL REGION**
**REGIONAL TRIAL COURT**
**OFFICE OF THE CLERK OF COURT**
**NAIC, CAVITE**
**rtc1nacocc@judiciary.gov.ph**
**0915-620-0438**

**HOME DEVELOPMENT MUTUAL FUND (PAG-IBIG FUND),**
*Mortgagee,*

-versus- **FNC-2023-775**
*For: Extra-Judicial Foreclosure of Real Estate Mortgage under Act 3135, as Amended by Act 4118*

**ERLINDA RAMIREZ COLLAO,**
*Mortgagor.*
x - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - x

NOTICE OF EXTRA-JUDICIAL SALE

Upon Extra-Judicial petition for sale under Act 3135, as amended by Act No. 4118, filed by *Mortgagee*, **HOME DEVELOPMENT MUTUAL FUND (PAG-IBIG FUND),** a government financial institution duly organized and existing under and by virtue of Republic Act No. 9679 with principal office and place of business at The Petron Mega Plaza Building, No. 358 Sen. Gil Puyat Avenue, Makati City, pursuant to the terms and conditions of the Loan and Mortgage Agreement (“MORTGAGE”) executed and notarized on April 26, 2018 by Mortgagor, **ERLINDA RAMIREZ COLLAO,** single, of legal age, Filipino Citizen, with postal residence at **BARRIO SIKAT, TEJEROS CONVENTION, ROSARIO, CAVITE,** in favor of the *Mortgagee*, over a real estate property including improvements thereon, described in and covered by **TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE No. 057-2018040767** of the Registry of Deeds for the Province of Cavite, in order to satisfy the outstanding loan obligation of the Mortgagors in the amount **FOUR HUNDRED NINETEEN THOUSAND EIGHT HUNDRED THIRTY FOUR PESOS & 68/100 (P419,834.68)** inclusive of interest, penalties and other charges as of **November 15, 2023**, the undersigned Clerk of Court & Ex-Officio Sheriff of the Regional Trial Court of Cavite thru his deputy, Janelle V. Lagadon, will sell at public auction on **November 10, 2026 at 9:00 o’clock in the morning** or soon thereafter, at the Office of the Ex-Officio Sheriff at the Hall of Justice formerly Mayor Macario B. Pena Memorial Hall, Naic, Cavite, to the highest bidder, for Cash or Manager’s Check and in Philippine Currency, the following property with all its improvements thereon, to wit:

**TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE No. 057-2018040767**

IT IS HEREBY CERTIFIED that certain land situated in BARANGAY OF SABANG (FORMERLY TIMALAN) MUNICIPALITY OF NAIC, PROVINCE OF CAVITE, ISLAND OF LUZON, *bounded and described as follows:*
**LOT NO:** 7, **BLOCK NO:** 80, **PLAN NO:** PSD-04-246096/
**PORTION OF:** SUBD. OF LOT 2937, FLS-986-D, NAIC ESTATE (VS-04-000597); LRC RECORD NO.: 8340
**LOCATION:** BARANGAY OF SABANG (FORMERLY TIMALAN) MUNICIPALITY OF NAIC, PROVINCE OF CAVITE, ISLAND OF LUZON

**BOUNDARIES:**

| LINE | DIRECTION | ADJOINING LOT(S) |
|---|---|---|
| 1-2 | SW | LOT 8, BLOCK 80, PSD-04-246096 |
| 2-3 | NW | ALLEY LOT 45, PSD-04-246096 |
| 3-4 | NE | LOT 6, BLOCK 80, PSD-04-246096 |
| 4-1 | SE | LOT 21, BLOCK 80, PSD-04-246096 |

**TIE POINT:** MON. NO. 17, NAIC ESTATE, PROVINCE OF CAVITE

| | LINE | BEARING | DISTANCE |
|---|---|---|---|
| TO CORNER | 1 | S. 40° 20’ E | 2714.22 M. |
| | 1-2 | N. 29° 26’ W | 8.00 M. |
| | 2-3 | N. 60° 34’ E | 3.50 M. |
| | 3-4 | S. 29° 26’ E | 8.00 M. |
| | 4-1 | S. 60° 34’ W | 3.50 M. |

**AREA: TWENTY EIGHT SQUARE METERS (28), MORE OR LESS**

In the event the public auction should not take place on the said date, it shall be held on **November 17, 2026** without further notice.

Prospective bidders or buyers are hereby enjoined to investigate and verify for themselves the **TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE NO. 057-2018040767** encumbrances thereon, if any there be.

All sealed bids must be submitted to the undersigned on the above-stated time and date.

Naic, Cavite, Philippines, October 1, 2026

(Sgd)
**JANELLE V. LAGADON, MBA**
Sheriff-in-Charge

WARNING:

**IT IS ABSOLUTELY PROHIBITED TO REMOVE, DEFACE OR DESTROY THIS NOTICE OF SHERIFF’S SALE ON OR BEFORE THE DATE OF THE AUCTION SALE UNDER THE PENALTY OF LAW.**

Copy Furnished:

**ATTY. AMELY D. AGMATA**
c/o POMPEYO P. MAYNIGO
Vision Credit & Collection Services Incorporated
JRDC Building 117 Sen Gil. J. Puyat Ave. Pasay City

**ERLINDA RAMIREZ COLLAO,**
BARRIO SIKAT, TEJEROS CONVENTION, ROSARIO, CAVITE
LOT 7 BLOCK 80 PHASE 2 PASINAYA HOMES, BRGY. SABANG (FORMERLY TIMALAN), NAIC, CAVITE

**Publication: HANEP** October 12, 19 & 26, 2026

# CALAX is now approaching full completion

MPCALA Holdings, Inc. is nearing completion of the Cavite-Laguna Expressway (CALAX), marking substantial progress toward the full operation of the 45-kilometer, four-lane expressway with two lanes in each direction, connecting Cavite and Laguna.

Construction continues on the remaining 18.5 kilometers of CALAX, covering Subsections 1 and 2, with active works focused on mainline road pavements, bridge superstructures, drainage systems, interchange ramps, and other associated infrastructure.

CALAX currently operates continuously from Mamplasan, Binan to Governors Drive in General Trias. Completion of Subsections 1 and 2 will extend the expressway through Open Canal to Kawit, completing the CALAX corridor and connecting it to CAVITEX through the CAVITEX-CALAX Link (CCLink).

This will give motorists a more direct route across the Cavite-Laguna corridor and toward Metro Manila, providing an alternative route to major local roads and improving access to residential, commercial, industrial, and economic centers across the region.

The interconnected network will also provide a more seamless expressway connection, supporting the movement of people and goods and strengthening access to key destinations across the region.

